

LIBRE
Isyu 08
Marso 2025

# VALENZUELA NGAYON

**Tuloy ang Progreso**

Special Edition

## WES Gatchalian

*Lingkod Bayan*

# Ulat sa Bayan 2025

## MGA NILALAMAN


02 TULOY ANG DEKALIDAD NA EDUKASYON

16 TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO

24 TULOY ANG KALINGA

28 TULOY ANG BAGONG BAHAY BAGONG BUHAY

32 TULOY ANG MALINIS NA VALENZUELA

38 TULOY ANG LIGTAS NA VALENZUELA

46 TULOY ANG MAS MAGANDANG VALENZUELA

50 TULOY ANG MABILIS NA SERBISYO






VALENZUELA NGAYON
Tuloy ang Progreso

Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*City Mayor* **WES Gatchalian**
*Chief-of-Staff* **Arch. Benjamin P. Gamaro**
*Public Information Officer/Editor-in-Chief* **Frances Marion S. Salazar**

*Writers/Researchers*
**William A. Chua, Regino B. Morata, Jr., Gillian S. Roldan, Jenny C. Taborda**

*Graphics and Layout*
**Joel A. Soriano**

*Photographers*
**Resty Robert N. Castro, Alyssa Caco, Kevin Gatchalian, Percival R. De Guzman, Rafael M. Delfino, Kaye R. Magno, Charles B. Quebrar, Cherwin D. Rocela, Jonnel L. Sunga**

*Circulation Manager*
**Clairidy C. Pinto**

*Distribution*
**Ronald A. Delino, Ronnel B. Esguerra**

*Acknowledgment*
**Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Office, Local Disaster Risk Reduction and Management Office**

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng *Public Information Office* na may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.



© Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, Marso 2025



valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
valenzuelacitygov
valenzuelacitygov
8 352-1000 locals 1132, 1138 & 1410
8 292-9168

# MENSAHE

Tatlong taon na ang lumipas mula nang ipinagkatiwala ninyo sa akin ang trabahong ito—isang responsibilidad na hindi ko kailanman binigyang-hinaing, kundi buong pusong tinanggap at pinagsumikapang gampanan. Ngayon, sa ating pagsilip sa nagdaang tatlong taon, hindi maikakaila ang laki ng pagbabagong ating naabot bilang isang lungsod.

Sa ilalim ng ating panunungkulan, itinaguyod natin ang Valenzuela bilang isang lungsod na maunlad, maaliwalas, at mas lalong kaaya-aya para sa bawat Pamilyang Valenzuelano. Naipatayo natin ang Museo ni Dr. Pio Valenzuela, Casa de Polo, Valenzuela Paw and Skate Park, Valenzuela Boardwalk, at marami pang iba—mga proyektong hindi lamang nagbibigay kasiyahan kundi nagpapayabong din ng ating kultura at kasaysayan.

Sa larangan ng edukasyon, sa unang pagkakataon ay nagpamahagi tayo ng libreng uniporme para sa mga elementary students. Siniguro nating mas marami pang kabataan ang magkaroon ng de-kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela - College of Public Administration and Governance at ang pagpapalakas ng Valenzuela Technological College upang ihanda ang ating mga mag-aaral sa makabagong teknolohiya at industriyang kanilang tatahakin.

Para sa kapayapaan at kaayusan, inilunsad natin ang pinakamalaking pailaw at CCTV project sa kasaysayan ng Valenzuela, isang hakbang upang higit pang gawing ligtas ang ating mga komunidad sa anumang banta ng krimen.

At hindi dito nagtatapos ang ating paglalakbay. Sa mga darating na taon, bubuksan natin ang bagong Finance, Legislative, at People's Center Building bilang bahagi ng ating adhikaing mapabuti ang serbisyong pampamahalaan. Magbubukas rin ang Valenzuela Health Medical Center, kasabay ng pagsasaayos ng Valenzuela City Emergency Hospital upang ito ay maiangat sa isang Level 1 category hospital, na magbibigay ng mas mataas na antas ng serbisyong medikal sa bawat Valenzuelano.

Magiging makasaysayan din ang pagbubukas ng Jardin de Memoria Valenzuela, na magbibigay ng dignidad sa ating mga yumaong mahal sa buhay, at ang WES Arena Aquatic Center, isang bagong pasilidad para sa mga atleta at mahilig sa pampalakasan.

Ngunit ang lahat ng ito ay simula pa lamang. Mas maliwanag ang kinabukasan para sa Valenzuela. Patuloy tayong magsusulong ng mga makabuluhang proyekto, magbibigay ng serbisyong tapat at mahusay, at higit sa lahat, titiyakin na ang bawat Valenzuelano ay may mararamdamang tunay na pagbabago.

Maraming salamat sa inyong tiwala. Sama-sama, patuloy nating iaangat ang ating mahal na lungsod!

*Tuloy ang Progreso, Valenzuela!*



**Mayor WES Gatchalian**
*Lungsod ng Valenzuela*

TULOY ANG
# DEKALIDAD NA EDUKASYON

**A**ng suliranin sa edukasyon ang isa sa umiiral na problema sa buong bansa. Sa Lungsod ng Valenzuela, prayoridad ang edukasyon ng mga kabataan. Simula sa unang pagpasok nito sa paaralan ay nakatutok ang pamahalaang lungsod sa mga pangangailangan ng bawat mag-aaral – mula sa school supplies, uniporme, pagdaraos ng reading camp, techno camp, feeding program, pagtatayo ng mga karagdagang pasilidad, at marami pang iba. Ito ang layunin ng Education 360 Degrees Investment Program, ang patuloy na paangatin ang kalidad ng edukasyon sa lungsod.








# ESKWELASUGAN

| TOTAL NUMBER OF SCHOOL VISITED 2023 - 2025 | TOTAL NUMBER OF STUDENTS SERVED |
|---|---|
| 98 Schools | 75,392 |









# BALIK-ESKWELA SCHOOL KIT

| TAON | BILANG NG BENEPISYARYO |
|---|---|
| 2023 | **76,530** |
| 2024 | **80,000** |

Kada-taon mula nang mailunsad ang **Education 360 Degrees Investment Program** ay namamahagi ang pamahalaang lungsod ng libreng school supplies para sa elementarya, ALS, at SPED students sa lahat ng 42 pampublikong paaralan ng lungsod. Tuloy ang pangarap para sa mga mag-aaral na nakatanggap ng gamit pang-eskwela tulad ng lapis, papel, ballpen, at mga localized textbook na handog ng pamahalaang lungsod bilang paghahanda tuwing pasukan.

Kasabay ng pamamahagi ng mga Balik Eskwela Kits, nagsimula na rin ang pamahalaang lungsod na magbigay ng mga **libreng uniporme** para sa bawat mag-aaral mula Kinder hanggang Grade 6. Ang bawat isa ay nakatanggap ng **dalawang (2) sets ng uniporme** na mayroong white polo shirts at pants para sa kalalakihan, at white blouses and plaid skirts para sa mga kababaihan.








VALENZUELA TECHNO CAMP

# VALENZUELA TECHNO CAMP


Upang mabigyan ng pagkakataon ang mga Valenzuelanong mag-aaral na makasabay sa makabagong teknolohiya, nakipag-partner ang pamahalaang lungsod sa mga kilalang mga pangalan sa larangan ng Information Technology tulad ng **TechnoKids Philippines, Khan Academy, at Koobits**, kung saan ay pwede nilang matutuhan ang **Scratch, Robotics, at marami pang iba**. Inilunsad ang mga programang ito sa **Tech-Talk Kids** na dinaluhan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang elementarya at sekondarya sa lungsod, Oktubre 20, 2024.









VALENZUELA
READING
CAMP









Matapos ang dalawang taon ng pandemya, muling inilunsad ng pamahalaang lungsod ang **Valenzuela Reading Camp** taong 2022 upang ipagpatuloy ang pamimigay ng remedial classes sa non-readers at frustrated level readers na na-assess sa tulong ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Ang mga ito ay sumasailalim sa sampung araw ng reading camp upang mas matutukan ang kanilang pagkatuto sa pagbabasa at komprehensyon.

Upang siguruhin ang attendance ng mga mag-aaral ay nagbibigay ang pamahalaang lungsod ng insentibo para sa mga mag-aaral na makakabuo ng sampung araw ng reading sessions.

| TAON | FRUSTRATED READERS | NON-READERS |
|---|---|---|
| 2022 | **7,873** | **808** |
| 2023 | **1,297** | **32** |
| 2024 | **1,168** | **78** |



# Teaching CAMP

Upang matagumpay na maisagawa ang Valenzuela Reading Camp, ang mga guro ay sumasailalim ng **Teaching Camp** upang maturuan sila ng angkop ng paggabay sa mga batang benepisyaryo ng reading camp. Katuwang ang Synergeia Foundation, iba't ibang aktibidad ang itinuro sa mga guro upang gawing masigla ang mga sesyon ng reading camp.

| TAON | TEACHERS | TEACHER-AIDES |
|---|---|---|
| 2022 | 433 | 866 |
| 2023 | 64 | 128 |
| 2024 | 64 | 128 |

# NANAY TEACHER+ PARENTING CAMP

Hindi natatapos ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paaralan at upang makatulong sa mga magulang sa tamang paggabay sa kanilang mga anak ay isinasagawa ang **Nanay-Tatay Teacher+ Parenting Camp**. Layunin nito na magbahagi ng iba't ibang mga parenting at teaching technique sa mga magulang na maaari nilang magamit sa kanilang mga tahanan upang matiyak na patuloy pa rin ang edukasyon ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan.





TULOY ANG
# DEKALIDAD NA EDUKASYON




## ENHANCED CITYWIDE FEEDING PROGRAM
VALENZUELA CITY K TO 6 IN-SCHOOL FEEDING PROGRAM

Upang solusyunan ang malnutrisyon na humahadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay isinasagawa ang **Enhanced K to 6 Citywide Feeding Program** sa lahat ng public elementary school ng lungsod. Ang mga na-assess na Wasted at Severely Wasted na mga bata ay sumasailalim ng 70 - 120 days ng feeding cycle upang maging wasto ang kanilang mga timbang at bumalik ang sigla sa kanilang pag-aaral.

| TAON | BILANG NG BENEPISYARYO |
|---|---|
| 2022 | **4,684** |
| 2023 | **3,925** |
| 2024 | **5,020** |








As of January 2025





Ang mga pagkain na ibinibigay sa mga benepisyaryo ng Enhanced K to 6 Feeding Program ay inihahanda sa Central Kitchen ng mga Kitchen Volunteer ng lungsod. Dahil sa maigting na kampanya ng isulong ang maayos na kalusugan para sa mag-aaral ay minabuti ng pamahalaang lungsod na magtayo ng moderno, state-of-the-art na Central Kitchen sa Bukid, Barangay Malinta na may kumpletong pasilidad sa pagluluto at paghahanda ng mga pagkaing gagamitin sa feeding program.



















# CHILD DEVELOPMENT CENTERS, BINIGYANG BIHIS

Pasilidad tulad ng mga Child Development Center o Daycare Center sa iba't ibang bahagi ng lungsod ay dumaan sa rehabilitasyon upang bigyang bihis at gawing mas kaaya-aya ang pag-aaral para sa mga chikiting. Pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian ang pagpapasinaya ng mga newly renovated Child Development Center sa Barangay Gen. T. De Leon at Barangay Malinta.











# PAMANTASAN NG LUNGSOD NG VALENZUELA COLLEGE OF PUBLIC ADMINISTRATION AND GOVERNANCE (PLV-CPAG)

*Maysan Road, Barangay Malinta*

## *Home of our Nation's Next Generation Leaders!*

**BINUKSAN NA!**

**FEATURES AND AMENITIES:**

- 25 Classrooms
- 2 Computer Laboratories
- Lecture Hall
- Moot Court
- Library
- Administrative Office
- Office of the President
- Dean's Office
- Board Room
- 2 Faculty Rooms
- Clinic
- Multi-purpose Room
- 5 Pantries
- 8 Electrical Rooms
- IT Office
- CCTV Room
- Pump Room
- Storage Rooms

**8-Storey Building**
**Lot Area: 1,246 sqm**
**Floor Area: 7,274 sqm**




CLASSROOMS



HALLWAY



FACULTY ROOM



MOOT COURT






Kasabay ng pagdiriwang ng ika-401 Araw ng Valenzuela, pormal na binuksan ang **Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela - College of Public Administration and Governance Building**, Nobyembre 12. Ang PHP 255 milyon, 8-storey state-of-the-art building ay mayroong classrooms, computer rooms, library, lecture hall, multi-purpose room, moot court, at iba pang mga pasilidad. Ang pagbubukas nito ay dinaluhan ni Former DILG Secretary Benhur Abalos na nag-iwan ng kanyang makabuluhang mensahe para sa mga susunod na lider ng lungsod.



ValACE
Valenzuela City Academic Center for Excellence

# PAGTATAYO NG 3 KARAGDAGANG ValACE SA LUNGSOD



**ValACE Mapulang Lupa**
*Barangay Mapulang Lupa*



**ValACE Gen. T. De Leon**
*Barangay Gen. T. De Leon*



**ValACE Marulas**
*Barangay Marulas*

Sa tagumpay na inani ng naunang Valenzuela Academic Center for Excellence (ValACE) at Valenzuela City Library sa Barangay Malinta, nagbunga ito ng mga karagdagang ValACE buildings na kasalukuyang itinatayo sa Barangay Marulas, Mapulang Lupa, at Gen. T. De Leon. Layunin ng lokal na pamahalaan na palawakin at mas ilapit pa ang mga silid-aklatan para sa mga mag-aaral at isulong ang literasiya sa Lungsod Valenzuela.

Ang tatlong karagdagang ValACE buildings na may limang palapag ay magkakaroon ng sumusunod na amenities: mini library, study halls na mayroong self-study cubicle at communal review lounge, computer laboratory, 50-seating capacity training rooms, 80-100 pax capacity multi-purpose hall, cafeteria, administrative office, at parking area.

Sa hangarin na maging "Reading City" ang Lungsod Valenzuela, ang mga ValACE buildings ay tanda ng pagpapahalaga ng Lungsod sa kultura ng pagbabasa at pag-aaral, sa pamamagitan ng pagtatag ng mga kumpletong pasilidad pang-edukasyon na higit na makatutulong sa mga kabataan.







As of January 2025




As of January 2025







As of January 2025



TULOY ANG
# DEKALIDAD NA EDUKASYON





Alternative Learning System

LIFELONG LEARNING

Para sa inklusibong edukasyon, dumaan din sa rehabilitasyon ang Alternative Learning System (ALS) Building sa Brgy. Parada na nilaanan ng PhP 7.9 Million ng Pamahaalang Lungsod. Ang bagong bihis na ALS Building ay pinasinayaan sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian katuwang ang Department of Education (DepEd) - Valenzuela. Isa sa kilalang proyekto para sa ALS Learners ay ang Project TokBuk o Katok Para sa Magandang Bukas, na layuning suyurin ang lungsod upang hikayatin ang mga out-of-school youth na manumbalik sa kanilang pag-aaral.








Kasabay ng inagurasyon ay nagpamahagi rin si Mayor WES ng libreng school supplies para sa lahat ng ALS Learners. Ang nasabing pagtitipon ay dinaluhan ng mga mag-aaral ng ALS, ALS Implementers, Valenzuela City Officials, at DepEd Officials. Ang inclusive education ay isa sa components ng Education 360 Degrees Investment Program ng lungsod.










# TULOY ANG ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO

Patuloy na isinasagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang **#AlagangPamilyangValenzuelano** Medical Missions kung saan iba't ibang mga serbisyong medikal ang hatid para sa mga Pamilyang Valenzuelano. Ito ay umiikot at isinasagawa sa mga barangay sa lungsod. Bukod pa rito, binuksan ang bagong pasilidad na magdadala ng pagbabago sa buhay ng mga Valenzuelano, ang Balai Banyuhay. Isinasagawa na rin ang rehabilitasyon ng Valenzuela City Emergency Hospital, at ang nalalapit na pagbubukas ng bagong ospital ng lungsod, ang Valenzuela Health Medical Center sa Barangay Paso De Blas.












#AlagangPamilyangValenzuelano
**Medical Missions**

| TAON | NUMBER OF MEDICAL MISSIONS CONDUCTED | NUMBER OF PATIENTS SERVED |
|---|---|---|
| 2022 | 6 | 3,699 |
| 2023 | 29 | 19,190 |
| 2024 | 17 | 13,011 |
| TOTAL | 52 | 35,900 |




**BALAI BANYUHAY**
Valenzuela City Drug Rehabilitation and Treatment Center

# TUNGO SA PAGBABAGONG-ANYO NG BUHAY: BALAI BANYUHAY, BUKAS NA!

Pinahahalagahan ng Lungsod Valenzuela ang pangalawang pagkakataon sa buhay ng mga kababayan nating minsang nalulong sa masamang bisyo. Kaya naman, pormal nang binuksan ang kauna-unahang drug treatment and rehabilitation center ng lungsod na tinaguriang ***"Balai Banyuhay"***.

Hango sa katagang *balai* o "bahay" at *banyuhay* o "bagong anyo ng buhay", ang 72-bed capacity drug treatment center na ito ay itinatag upang magsilbing tahanan ng mga *drug dependents* na sumasailalim sa pangkabuuang rehabilitasyon. Hinango rin ang pasilidad sa isang tahanan kung saan magiging kumportable ang mga residente habang sila ay dumadaan sa interbensyon.

Naitalang dalawampu't dalawa (22) na ang mga kliyente ng Balai Banyuhay na kasalukuyang dumadaan sa interbensyon mula sa taong 2024 hanggang Enero 2025.








72-BED CAPACITY SLEEPING QUARTERS



LECTURE ROOM



PANTRY




VISITORS' LOUNGE



CLINICAL AND DRUG TESTING LABORATORY



CONFERENCE ROOM



MULTI-PURPOSE SPORTS AREA

TULOY ANG
# ALAGANG PAMILYANG VALENZUELANO




## REHABILITATION OF
# VALENZUELA CITY EMERGENCY HOSPITAL



As of January 2025

Sa layuning maging isang Level 1 Category Hospital ang Valenzuela City Emergency Hospital (VCEH), sinimulan na ang rehabilitasyon ng VCEH upang makapagbigay ng mas kalidad na serbisyong pangkalusugan para sa mga Valenzuelano. Bagama't sumasailalim sa rehabilitasyon ang nasabing ospital ay patuloy pa rin ang operasyon nito.





















# GROUNDBREAKING OF
# VALENZUELA CITY EMERGENCY HOSPITAL
## ANNEX BUILDING AND MULTI-LEVEL PARKING

Kasabay ng rehabilitasyon ng VCEH ay isinagawa na rin ang pagtatayo ng VCEH - Annex Building na siya naman magiging tanggapan ng Out-Patient Department. Bukod pa rito, itinatayo na rin ang multi-level parking ng VCEH na mayroong 37 parking slots, concessionaire area with dining area at toilets.



*As of January 2025*



*As of January 2025*











THE NEW

# VALENZUELA HEALTH MEDICAL CENTER

Para sa nalalapit na pagbubukas ng pinakaaabangan na **Valenzuela Health Medical Center**, pormal na nilagdaan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, sa pamamagitan ni Mayor WES Gatchalian, ang partnership agreement para sa multi-year management services sa Ayala Health, sa pangunguna ng presidente nitong si G. Paolo Borromeo, Nobyembre 15, 2024.

Matatagpuan sa Brgy. Paso De Blas, ito ay **3-storey, 16,000-square-meter na ospital** na inaasahang magpapaigting sa paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng ambulatory at mga espesyal na serbisyo nito tulad ng laboratory services, multi-specialty clinics, teleconsultation, sugar at ostomy care, intravenous chemotherapy, at cardiovascular diagnostics.


















As of January 2025




# FACILITIES

**I. BASEMENT:**
- Medical Office
- Property Office
- Pump Room
- Male and Female Toilet
- 65 Slots for Parking

**II. GROUND FLOOR:**
- Urgent Care Area

**Other Areas:**
- Rehab Area
- Radiology Area
- Pharmacy Area
- Offices
- Mental Health Clinic
- Child Minding Center
- Physical Therapy Unit
- Doctors Clinic
- Lecture Rooms
- Meeting Rooms
- Commercial Spaces
- Toilets

**III. SECOND FLOOR:**
- Eye Center

**Other Areas:**
- Minor Operating Room/Endoscopy
- Specialty Clinics
- OB GYNE Clinic
- Pediatrician Clinic
- Primary Care Unit
- Hemodialysis Center
- Laboratory Area
- Roof Garden
- Pray Area
- Toilets

**IV. THIRD FLOOR (Proposal):**
- Senior Citizen Center
- Cinema
- Lounge Areas
- Roof Garden
- Holding Area

**Other Areas:**
- Office
- Toilets

**AMBULATORY SERVICES**
1. Pharmacy
2. Laboratory Services
3. Physical Therapy Clinic
4. Hemodialysis
5. Multispecialty Clinic *(Pediatrics, OB-Gyne, Internal Medicine, Surgery, Ophthalmology, ENT, Family Medicine)*
6. Radiology: Xray, CT scan, MRI
7. Teleconsultation

**SPECIAL SERVICES**
1. Ambulatory Surgical Center *(General Surgery, Vein Care, Orthopedics, Endoscopy, Eye Care, Urology, Obstetrics, ENT)*
2. Wound and Ostomy Care
3. Intravenous Chemotherapy *(Cancer Care)*
4. Pain Management
5. Women's Health and Breast Care *(mammography, ultrasound)*
6. Cardiovascular Diagnostics *(EEG, treadmill stress test, 2D Echo)*
7. Industrial and Occupational Health



# TULOY ANG KALINGA

**A modern solution to a modern problem!** Mas pinabilis na ang pagkuha ng iba't ibang assistance mula sa City Social Welfare and Development Office dahil sa DotBot - ang Facebook Messenger chat na sasagot sa mga pangunahing requirement at lugar kung saan dapat mag-apply para sa assistance.

Ang DotBot ay naisakatuparan sa pamamagitan ng GovTech Acceleration Programme ng Creative HQ at bunga ng partnership ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela at New Zealand Government.

Samantala, sa ginanap na TechTalk: Valenzuela Digital Summit 2024, inilunsad naman ang Phase 2 ng DotBot kung saan ay maaari nang mag-upload at ma-validate ang kanilang mga ipinasang dokumento. Hihintayin na lamang ang text o tawag para sa schedule ng payout. Pansamantala, ang mga target client ng Phase 2 ay ang mga Hemodialysis at Peritoneal dialysis patient.






**Medical Assistance?**

**Transportation Assistance?**

**Burial Assistance?**

**Social Case Study?**

**CSWD Certificate of Indigency?**

**Requirements?**




## Chat with DotBot!

or Search **Dotbot-Valenzuela**

SCAN ME






Bahagi ng pagbibigay-pugay sa minamahal na lolo at lola sa Valenzuela City ay taunang ding idinadaos ng Pamahaalang Lungsod ang **Pasko sa Hulyo Para Kay Lolo at Lola** at **Pamaskong Handog Para Kay Lolo at Lola** upang personal na maghatid ng mga regalo sa rehistradong seniors sa lahat ng barangay sa lungsod.

Sa pamamagitan nitong proyekto ay nakapaghatid din ang lungsod ng suporta sa mga magsasaka mula sa Nagkakaisang Magsasaka ng Isabela Agriculture Cooperative na siyang pinagmulan ng bigas na ipinamahagi sa mga lolo't lola.

| TAON | PASKO SA HULYO | PAMASKONG HANDOG |
|---|---|---|
| 2022 | 61,211 | 63,246 |
| 2023 | 65,460 | 67,061 |
| 2024 | 69,025 | 70,163 |















# NEGO CARTS at TAP CARTS

**B**ilang pagkilala at suporta sa mga Solo Parent, **33 Solo Parents mula sa 33 barangays ng lungsod** ang maswerteng nabigyan ng **Nego-carts** ng Pamahaalang Lungsod na maaaring makatulong sa kanilang pamilya bilang pangkabuhayan. Nagkakahalaga ng **PhP 30,000** ang isang nego-cart na may kasama ng produkto na maaaring maitinda ng benepisyaryo. Samantala, **21 Valenzuelano street vendors** naman ang nakatanggap ng stainless **Tuloy ang Progreso (TAP) Cart** na naglalaman ng iba't ibang kagamitan sa negosyo. Katulad ng Nego-cart, kasama rin dito ang mga libreng produkto bilang karagdagang tulong sa kanila.

Ang mga benepisyaro ay dumaan sa Financial Literacy seminars upang matulungan sila sa tamang paghawak ng kanilang negosyo at mapalago ito. Layunin ng programa na ito na matulungan ang mga Valenzuelano sa pagbibigay ng angkop na assistance na magpapabuti sa buhay nila.













# TULOY ANG BAGONG BAHAY BAGONG BUHAY

Kasama si Pangulo Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ay isinagawa ng pamahalaang lungsod ang groundbreaking at capsule-laying ceremony ng pang-apat na Disiplina Village ng lungsod, ang **Disiplina Village Arkong Bato**, Marso 27, 2023. Layunin ng proyektong ito na tulungan ang mga informal settler families (ISFs) sa mga danger zone ng Valenzuela City. Ito ay may kabuuang lupain na 20,709 sq. meters, na may 20 medium-rise, at limang palapag na gusali na may kabuuang 1,200 housing units. Ang proyektong Disiplina Village ang kauna-unahan at itinuturing na pinakamalaking in-city relocation site at public rental housing project sa bansa.

DISIPLINA Village ARKONG BATO



## PROJECT BRIEF

**Disiplina Village Arkong Bato - Phase I**

| | |
|---|---|
| Name of Project | **Construction of Two (2) Five – Storey Low Rise Buildings and Land Development, Disiplina Village Arkong Bato - Phase I, Valenzuela City** |
| Location | **M.H. Del Pilar St., Barangay Arkong Bato** |
| Projected Cost | **PhP 160,000,000.00** |
| Land Area | **20,709 square meters** |
| Number of Units | **120 Housing Units** |

## FLOOR AREA

**Disiplina Village Arkong Bato - Phase I**

| | |
|---|---|
| Main Floor Area | **16 square meters** |
| Mezzanine Floor Area | **16 square meters** |
| **Total** | **32 square meters** |














As of January 2025








# VALENZUELA CITY PROGRESO VILLAGE

## BAGONG PROYEKTONG PABAHAY SA VALENZUELA

Pormal na isinagawa ang groundbreaking ceremony para sa Phase 1 ng **Progreso Village** sa Barangay Marulas, Oktubre 29, 2024, isang programang pabahay sa ilalim ng Pambansang Pabahay para sa Pilipino Housing Program (4PH) ng gobyerno sa pangunguna ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" R. Marcos Jr. na naglalayong matugunan ang mga pangangailangan sa pabahay sa buong bansa.




## PROJECT BRIEF

### Valenzuela City Progreso Village

| | |
|---|---|
| Location | **Barangay Marulas** |
| Number of Floors | **11 Floors** |
| Number of Residential Units/Floor | **17 Units** |
| Number of Residential Units/Bdlg | **170 Units** |
| Total Number of Floor (Commercial) | **1 Floor (Ground Floor)** |
| Total Number of Buildings | **9 Buildings** |
| Total Number of Units | **1,530 Units** |
| Total Number of Buildings (Phase 1) | **2 Buildings** |
| Total Number of Units (Phase 1) | **340 Units** |








Ang kauna-unahang Progreso Village sa lungsod ay itatayo sa isang 20,008-square-meter lot sa Tampoy II, Brgy. Marulas na noo'y nakalaan bilang radio station site at kalauna'y pinanirahan ng mga opisyal, empleyado, at okupante ng Telecommunications Office (TELOF) alinsunod sa Presidential Proclamation No. 770 S. 1996. Ang Phase 1 nito ay bubuuin ng **2 gusaling may tig-11 palapag at 340 total na bilang ng unit (27.5 square meters bawat isang unit).**












VALENZUELA
SINOTRUK
Tuloy ang PROGRESO,
Valenzuela!
SDLG

TULOY ANG
**MALINIS NA VALENZUELA**

# THE VALENZUELA BOARDWALK

## ANG BAGONG RECREATIONAL SPACE FOR ALL!


Sa usapang physical activities, hindi na lalayo ang Pamilyang Valenzuelano sa panibagong recreational space na itinayo sa kahabaan ng Barangay Coloong, Wawang Pulo, at Tagalag — ang **Valenzuela Boardwalk!** Ang Valenzuela Boardwalk ay isang 1.3 kilometrong floodwall na mayroong linear park at bike trail para sa mga Valenzuelanong mahilig mag-ehersisyo, mag-jogging, at magbisikleta. Ang dagdag espasyong ito ay isa sa pamamaraan ng Pamahalaang Lungsod ng pagsusulong ng malusog na pamumuhay para sa bawat Pamilyang Valenzuelano, at ma-maximize ang mga hindi nagagamit na mga lugar o espasyo.

Bukas ang Valenzuela Boardwalk **araw-araw**, mula **5:00 ng umaga hanggang 10:00 ng gabi**.







# 1.3 KM. FLOOD WALL WITH LINEAR PARK AND BIKE TRAIL



# VEINTE REALES - LINGUNAN MEGA PUMPING STATION, OPERATIONAL NA!

Ito ang **ika-25 na pumping station** na lalong magpapaigting sa flood control project sa lungsod. Ang proyektong ito na nilaanan ng PhP 400 million ay mayroong 4 na submersible pump at floodgates, at ito'y inaasahang makakatulong sa pagbawas ng pagbaha sa Luis Francisco Subd., Brgy. Veinte Reales, Rubber Master Road, Brgy. Lingunan, at iba pang mga karatig na lugar. Pinasinayaan ang Veinte Reales - Lingunan Mega Pumping Station noong Setyembre 2024.










Tuloy ang PROGRESO,
Valenzuela!
VEINTE REALES - LINGUNAN PUMPING STATION









# TULOY ANG LIGTAS NA VALENZUELA

Mas pinadali na ang pagrereport ng emergency cases sa paglulunsad ng pinakabagong Emergency and Rescue Assistance App - ang **V-ALERT**! Maaaring magreport tungkol sa sunog, women and child protection, animal rescue, road condition, garbage report, ambulansya, at pulis.

I-download na ang V-ALERT sa Playstore at Appstore at magregister upang mapadali ang inyong pagrereport!

**VALENZUELANOS, NANDITO NA ANG ALL-IN-ONE APP PARA SA PAG-REPORT NG MGA EMERGENCY AT PANGANGAILANGAN!**

V-ALERT
VALENZUELA CITY EMERGENCY AND RESCUE ASSISTANCE APP




**Sa bingit ng sakuna, humingi ng saklolo sa otoridad gamit ang cellphone mo!**

Available for **FREE** download

# KALSADANG MAS
## maliwanag, maaliwalas, ligtas
## PARA SA PAMILYANG VALENZUELANO

**40 KMS.** KAHABAAN NG KALSADA SA DISTRICT 1 AT 2

**1,241** STREET LIGHTS

**237** CCTVs




## ANG PINAKAMALAKING PAILAW AT CCTV PROJECT SA VALENZUELA

Tungo sa mas ligtas na komunidad para sa bawat Pamilyang Valenzuelano ay inilunsad ng pamahalaang lungsod ang pinakamalaking pailaw at CCTV project sa lungsod na nagkakahalaga ng higit-kumulang **PhP 351,200,000**. Pinailawan na ang higit **40 kilometro ng mga kalsada** sa District 1 at 2. Ito ay binubuo ng **1,241 na street lights** at **237 na CCTV cameras** para sa mas maaliwalas na kapaligiran at mas mabilis na tugon sa mga 'di inaasahang mga pangyayari sa kalsada.

### DISTRICT 1

M.H. Del Pilar Road, Brgy. Arkong Bato-Malanday
T. Santiago Street, Brgy. Veinte Reales-Canumay West
Rincon-Pasolo-Mabolo Road, Brgy. Rincon-Pasolo-Mabolo
NLEX East Service Road, Brgy. Lawang Bato
NLEX West Service Road, Brgy. Canumay West
P. Deato Road, Brgy. Pariancillo Villa
Bisig Road, Brgy. Bisig
G. Lazaro Road, Brgy. Dalandanan
I. Santiago Road, Brgy. Malinta
Sapang Bakaw-Punturin Road, Brgy. Lawang Bato-Punturin

### DISTRICT 2

Gen. T. De Leon Road, Brgy. Gen. T. De Leon
NLEX East Service Road, Brgy. Mapulang Lupa
Que Grande Road, Brgy. Ugong
Maysan Road, Brgy. Maysan
Pio Valenzuela Road, Brgy. Marulas
A. Fernando Road, Brgy. Marulas
NLEX West Service Road, Brgy. Paso De Blas
G. Marcelo Road, Brgy. Parada
A. Pablo Road, Brgy. Karuhatan




# 33 BAGONG WIN SERBISYO FIRE TRUCKS

## PARA SA MAS MABILIS NA RESPONDE!




TULOY ANG MABILIS NA RESPONDE!
TULOY ANG PROGRESO!

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga Valenzuelano laban sa sunog at sakuna ay ipinagkaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela katuwang si Senator WIN Gatchalian ang **33 bagong fire trucks** sa lahat ng barangay ng lungsod. Ang higit PhP 95 Milyong pondo para sa inisyatibong ito ay nagmula sa Tanggapan ni **Senator WIN Gatchalian**. Ang bagong 1000-liter water tank capacity fire trucks na ito ay dagdag sa existing fire trucks sa bawat barangay upang magamit kontra-sunog ng mga Bantay Sunog volunteers.



**FEATURES:**

- COMPACT BUILT FOR TIGHT-ROAD ACCESS
- 1000-LITER CAPACITY WATER TANK
- MODERN PORTABLE FIRE PUMP
- MULTI-FUNCTIONAL WARNING BLINKER
- RUGGED WEATHER RESISTANT ENCLOSURE




Kasabay ng pagdiriwang ng **26th Charter Day ng Lungsod** ay inilabas ang karagdagang **dalawang (2) High-End SWAT Vans** noong **Pebrero 16, 2024**. Ito ay bahagi ng layunin ng pamahalaang lungsod na panatilihin ang kapayapaan at kaayusan sa bawat komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas ng pwersa ng kapulisan. Hangarin ng lokal na pamahalaan na mawala ang mga krimen at mga banta sa komunidad at maging pinakaligtas na lungsod sa kalakhang Maynila maging sa buong bansa.

# 2 BAGONG S.W.A.T. VANS

**para sa mas mabilis na pag-responde ng ating kapulisan!**

- 8 to 10-seater Bench Seats
- Pin Lights
- Jump Seat
- Cabinets for Rifles and Vests
- Checkered Plate flooring
- Overhead Grab Handle
- Roof Rack for Sniper's Position
- Grill bars/Mesh grill
- Grab bars and Footholds
- Run Flat Mags and Wheels
- Fixed ladder
- Bull Bar with lights
- Blinkers, sirens, and speaker
- LED Lightbar
- Back sensor
- 120-degree LED scene light
- LED remote searchlight
- Switch box
- 360-degree camera with monitor








SCAN MO NA!




# 33 RESCUE BOATS

- With 2 Paddles and 2 Life Vests
- 4-Person Capacity

Dagdag kagamitan para sa **Valenzuela City Disaster Risk and Reduction Management Office** ang hatid ng bagong **2 Mobile Water Filtration Trucks** at **33 Rescue Boats** na ipamimigay isa kada barangay sa lungsod. Ito ay upang makatulong sa mabilis na pagresponde ng mga barangay sa kanilang komunidad. Samantala, ang mga bagong Mobile Water Filtration Trucks naman ang sisiguro na ligtas at malinis ang iinuming tubig ng mga evacuee sa panahon ng kalamidad.






# 2 MOBILE WATER FILTRATION TRUCKS





- 1000 Liters Stainless Steel Water Tank with Drain System
- Water Filtration System with Superstructure









# VALENZUELA QUICK RESPONSE CENTER









## QUICK RESPONSE CENTER, MAS MALAPIT NA SA DISTRICT 2

Isinagawa ang Groundbreaking Ceremony ng **Valenzuela Quick Response Center** noong **Pebrero 16, 2024** sa **Barangay Paso De Blas**. Ang apat na palapag na gusali ay siyang magiging tahanan ng mga emergency response team ng lungsod, tulad ng **Traffic Management Office (TMO), Valenzuela City Disaster Risk Reduction and Management Office (VCDRRMO), Philippine National Police (PNP)-Valenzuela Office, Anti-Cyber Crime Unit, Electric Vehicle Charging Station, at Radio Tower**.





As of January 2025



**NO POLLUTE**
Lower emission; reduce overall carbon footprint

**EFFICIENCY**
Has a combined efficiency of up to 89%. It also has a grid-to-battery output efficiency of 85%

**COST**
Saves fuels and maintenance cost over the long run

**FAST**
Electric cars are lighter and have faster acceleration

# TAKE THE WHEEL OF CHANGE, AND DRIVE TOWARD A HORIZON OF CLEANER FUTURE.





## Go Green Valenzuela
STEERING TOWARDS ELECTRIC MOBILITY

Bago matapos ang taong 2024 ay inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang **Go Green Valenzuela**, isang inisyatiba na naglalayong maging sustainable at cost-efficient ang solusyon para sa serbisyo publiko.

Ginanap ang isang ceremonial signing sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, ACMobility at BYD Cars Philippines upang pagtibayin ang kanilang kolaborasyon. Sa taong 2025 darating na ang apatnapu't isang (41) BYD Dolphin Electric Mobility Units na may kabuuang halaga na PhP 75,768,000.00, na pangunahing gagamitin ng Valenzuela City Police Station. Ang Valenzuela City ang kauna-unahang local government unit sa bansa na nagpatupad ng ganitong karami na fleet ng EV police cars.

Kaugnay nito, 22 electric charging stations ang ilalagay sa iba't ibang panig ng lungsod tulad ng 3S Centers, Valenzuela City Hall, at ALERT Center.

### ELECTRIC VEHICLES CHARGING STATIONS
















# TULOY ANG MAS MAGANDANG VALENZUELA











## ARKONG BATO
PARK

Pinasinayaan ng Lungsod ng Valenzuela ang **Arkong Bato Linear Park** sa Marcelo H. del Pilar Street, Barangay Arkong Bato, Marso 19, 2023. Ang pagbubukas ng bagong recreational space na ito ay bahagi ng 3-in-1 proyektong naglalayong ibalik ang kagandahan ng makasaysayang lugar at ibalik ang kahalagahan nito sa pagkakakilanlan ng Valenzuela City. Una na rito ang pag-rerestore ng Arkong Bato, pagtatayo ng ika-apat na Disiplina Village, at ang pagbubukas ng Arkong Bato Linear Park.



# MUSEO NI DR. PIO VALENZUELA



Bilang pagtanaw sa buhay ng natatanging Dr. Pio Valenzuela, pinasinayaan at binuksan na sa publiko ang kanyang makasaysayang tahanan sa Barangay Pariancillo Villa noong Pebrero 14, 2023. Alinsunod sa pagdiriwang ng ika-25 na taon ng Charter Day ng Lungsod ng Valenzuela, ang Museo ni Dr. Pio Valenzuela ay isang muling pagkilala sa kabayanihan at patriotismo ng naturang ama ng lungsod sa kasalukuyang henerasyon.

Ang paghahawi ng tabing ng panandang pangkasaysayan ay pinangasiwaan ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP), kasunod ang pagpapasinaya ng museo na siyang pinangunahan nina Mayor WES Gatchalian, Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Deputy Governor Bernadette Fatima Romulo-Puyat na siyang kumatawan ng pamilyang Valenzuela, at NHCP-OIC Executive Director Carminda Arevalo.



Ang museo ay nahahati sa apat na seksyon: (1) Balangkas ng Buhay; (2) Haligi ng Katipunan; (3) Guho at Gunita; at (4) Muhon ng Bayan, kung saan nakapaloob rito ang mga sinaunang kagamitan at mga diorama na naglalarawan ng mga makahulugang pangyayari sa buhay ni Dr. Pio noong kasagsagan ng himagsikan.

**DOT ACCREDITED NA!**





## Free Admission

**Bukás mula Martes hanggang Linggo**
**9:00 AM - 4:00 PM**

Para sa mga grupong **20 katao pataas** mag-book ng inyong reservation sa

**piovalmuseum@gmail.com**

*Follow us at*

**Facebook.com/PioValMuseum**








# CASA DE POLO

## *Embrace Elegance, Create Memories*

Bilang bahagi ng isang buwang pagdiriwang ng ika-400 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Lungsod ng Valenzuela, pinangunahan nina Mayor WES at Mayoress Tiffany Gatchalian, kasama ang panauhing pandangal na si Unang Ginang Louise Araneta-Marcos, ang inagurasyon at pagtatabing ng **Casa de Polo** sa Brgy. Poblacion, Nobyembre 26, 2023.

Inilunsad din ng lungsod ang una nitong coffee table book na pinamagatang **"Valenzuela: History and Progress,"** Ang mahalagang bahagi ng kaganapan ay ang **"Cultural Night"**, isang fashion presentation na nagbibigay-pugay sa kasaysayan at pamana ng kultura ng Valenzuela bilang tema nito. Tampok dito ang Valenzuelano designers na sina Robbie Santos, Daniel Manila, at Michael Leyva.














Upang makapagbigay ng maganda at abot-kayang events spaces ay binuksan na ang ikalawa at ikatlong **WES Events Space** sa **Barangay Lawang Bato** at **Canumay West**. Ito ay may mga pasilidad tulad ng Events Hall with a Bridal Room at Kitchen, Toilets, Administrative Office, at Parking Area. Tumawag lamang sa 8352-1000 para sa katanungan at reservation process.



# TULOY ANG MABILIS NA SERBISYO

**M**as abot-kamay na ang mga serbisyo ng City Hall sa pagdami ng mga **Sentro ng Sama-samang Serbisyo (3S) Centers** sa Lungsod ng Valenzuela. Sa kasalukuyan, mayroon nang **27 3S Centers** at marami pang itinatayo upang mas mailapit ang serbisyo sa mga Valenzuelano.





As of January 2025

# 3S CENTER
**Sentro ng Sama-samang Serbisyo**

## SERBISYO NG CITY HALL, MAS INILAPIT SA MGA TAGA VEINTE REALES!

Ginanap noong Disyembre 13, 2023 ang groundbreaking at capsule-laying ceremony ng **3S Center Veinte Reales**. Ito ay may kabuuang 2,490 square meters na naglalayong magbigay ng mas maganda at mas mabilis na serbisyo para sa mga Pamilyang Valenzuelano sa Barangay Veinte Reales. Kabilang sa mga pasilidad nito ay ang Barangay Hall, Police Substation, Daycare Center, Mega Health Station, at Basketball Court.







# MGA BAGONG PASILIDAD
PARA SA MAS MALAWAK NA PAG-UNLAD


POLICE COMMUNITY PRECINCT


MULTI-PURPOSE HALL


MEGA HEALTH CENTER


BOTIKA NG BAYAN


DAYCARE CENTER


SK OFFICE


BARANGAY HALL


E-LIBRARY




## 3S CENTER MAPULANG LUPA
*Binuksan noong Hulyo 22, 2022*

8961 8624
brgy.mapulanglupa2018@gmail.com

**MGA PASILIDAD**
- Barangay Office
- SK Office
- Mega Health Center
- Daycare Center
- ALS Center
- Multi-purpose Hall
- E-Library
- Police Sub-precinct
- Tricycle Terminal

## 3S CENTER CANUMAY WEST
*Binuksan noong Hulyo 28, 2022*

8291 1182
msacanumaywest@gmail.com

**MGA PASILIDAD**
- Barangay Hall
- Mega Health Station
- Day Care Center
- E-Library
- Tanod Outpost
- Alternative Learning Center
- Botika ng Bayan
- SK Office
- Multi-purpose Hall



## 3S CENTER PALASAN
*Binuksan noong Hulyo 28, 2022*

8277-6297
palasan.valenzuelacity@gmail.com

**MGA PASILIDAD**
- Barangay Office
- Mega Health Center
- Daycare Center
- ALS Center
- Serbisyo Center
- Fire Sub-station
- Multi-purpose Hall






# PEOPLE'S DAY SA BARANGAY WITH MAYOR WES

## January 2024 - December 2024

| | |
|---|---|
| **1643** Beneficiaries for Financial Assistance | **PhP 3,996,100.00** |
| **107** Beneficiaries for Assistive Device | |
| **63** Homeowners Associations | |
| **24** School Parents-Teachers Associations | |
| **20** Tricycle Operators and Drivers Associations | |
| **11** Pedicab Operators and Drivers Association | |
| **3** Jeepney Operators and Drivers Association | |



Mas inilapit na ang serbisyong lokal at nasyonal sa mga barangay sa pamamagitan ng **People's Day sa Barangay with Mayor WES** at **One-Stop Shop Serbisyo Caravan**. Ilan sa mga serbisyong hatid ng People's Day ay kumustahan kasama si Mayor WES, pamimigay ng financial assistance at assistive device, at pagbababa ng serbisyong nasyonal mula sa Social Security System, PAG-IBIG, PhilHealth, PSA, at marami pang iba.









TULOY ANG **MABILIS NA SERBISYO**




## The New
# FINANCE CENTER

**P**inangunahan ni Mayor WES Gatchalian ang groundbreaking ceremony ng **bagong Finance at Legislative Center Building** sa Valenzuela City Hall Complex noong Oktubre 12, 2022. Bahagi ng "Proyektong Kakaiba" ni Mayor WES, ang pagtatayo ng gusaling ito ay naglalayong magbigay ng mas mabilis, mas maayos, at mas de-kalidad na serbisyo para sa bawat Pamilyang Valenzuelano.







*As of January 2025*





*The New*
# LEGISLATIVE CENTER














*As of January 2025*






## The New
# PEOPLE'S CENTER

Noong Hunyo 20, 2023 ay pormal nang sinimulan ang pagtatayo ng bagong **Valenzuela People's Center Building** sa Barangay Karuhatan. Sa pangunguna ni Mayor WES, ang modernong gusaling ito ay magiging sentro ng mga serbisyong pampubliko, na layong gawing mas mabilis at mas episyente ang serbisyo sa bawat Valenzuelano. Isang patunay sa dedikasyon ng pamahalaang lungsod na mas mapabuti pa ang paghahatid ng serbisyo publiko para sa lahat.





As of January 2025













# SKATE AND PAW PARK

Pormal na sinimulan ang konstruksyon ng kauna-unahang **Skate at Paw Park** sa Valenzuela noong Hunyo 20, 2023. Ang proyektong ito ay naglalayong magbigay ng de-kalidad at modernong espasyo para sa mga Valenzuelano pet owners at skate enthusiasts. Inaasahan ang pagbubukas nito sa Pebrero 2025, kasabay ng selebrasyon ng ika-27 Charter Day ng Lungsod, simbolo ng patuloy na progreso sa lungsod.















# VALENZUELA CHILDREN'S PARK

Ginanap noong Hulyo 20, 2023 sa Barangay Malinta ang groundbreaking ceremony ng **Valenzuela Children's Park** sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian. Ang parkeng ito ay dinisenyo para sa kaligtasan at kasiyahan ng mga batang Valenzuelano. Maglalaman ito ng modernong playground equipment, interactive spaces, at green areas. Isang patunay sa inklusibong layunin ng pamahalaang lugsod para sa lahat ng sektor ng lipunan.













As of January 2025






# WES ARENA AQUATIC CENTER

Pinangunahan ni Mayor WES Gatchalian ang groundbreaking ceremony ng 2,707 square meters na **WES Arena Aquatic Center** sa Barangay Punturin. Ang pasilidad na ito ay inaasahang maglalaman ng 4-lane Olympic-sized swimming pool sa layong magtaguyod ng mas maayos na espasyo para sa mga atletang Valenzuelano. Ang proyektong ito ay patunay din sa patuloy na pagtataguyod ng lokal na pamahalaan para sa sports development ng lungsod.










As of January 2025

## MGA PASILIDAD

- **4-lane Olympic-sized Swimming Pool**
- **Swimmers' Lounge**
- **Shower Room**
- **Table Tennis Room**
- **Locker Room**
- **Generator Room**
- **Pump Room**



# JARDIN DE MEMORIA
VALENZUELA

Pormal na sinimulan ang pagtatayo ng **Jardin De Memoria Valenzuela** sa Barangay Punturin noong Hunyo 30, 2023. Ang himlayang ito ay maglalaman ng isang **state-of-the-art crematorium** at **memorial park** na magkakaroon ng 5-storey columbarium na may higit sampung libong vaults. Nagkakahalagang higit PhP 190 Milyon, ang proyektong ito ay patunay sa patuloy na pagpapahalaga at pangangalaga ng pamahalaang lungsod para sa bawat Pamilyang Valenzuelano, mula simula hanggang dulo ng buhay.



*As of January 2025*







# AWARDS

VALENZUELA'S 8th GALING POOK AWARD

## TOP OUTSTANDING LOCAL GOVERNANCE PROGRAM

Kinilala ang Lungsod ng Valenzuela sa pangunguna ni Mayor WES Gatchalian ang programa nitong **"Safe Spaces and Safeguarding Children: Strengthening LGU-led Community-Based Child Protection"** at pinangalanang isa sa sampung **outstanding local governance programs sa 2024 Galing Pook Awards!** Binigyan rin ng **Special Citation on Participatory Governance** ang nasabing programa dahil sa whole-of-city approach nito na nagpapatibay na lahat ay kasali sa usaping karapatan at kaligtasan ng mga bata.






OUT OF **147** ENTRIES,
AMONG THE **18** FINALISTS,
ONE OF THE TOP **10** AWARDEES.

**2024 Galing Pook Awards**




**S**a ika-anim na pagkakatoaon, muling kinilala ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa kahusayan sa pagbibigay ng dekalidad na edukasyon at pinarangalan ng **Seal of Good Education Governance** sa katatapos lamang na **2025 Washington SyCip National Education Summit**, Pebrero 5 at 6. Sa taong ito, lima lamang ang ginawaran ng nasabing parangal at isa ang Valenzuela City sa limang Local Government Units na nagpakita ng kahusayan sa mga itinakdang indicator ng nasabing parangal.

# 2025 Seal of GOOD EDUCATION GOVERNANCE AWARDEE




*Tuloy ang* ***DEKALIDAD NA EDUKASYON*** *para sa* ***KABATAANG VALENZUELANO!***

Synergeia | METRO PACIFIC INVESTMENTS | MERALCO | Mwell

# NATIONAL LITERACY AWARDEE

**K**inilala sa paghahatid nang dekalidad at inklusibong edukasyon upang isulong ang literasiya sa bawat kabataang Valenzuelano, tinanghal ang Valenzuela City bilang **Gawad Liyab 1st Placer para sa Outstanding Local Government Unit - Highly Urbanized/Independent Component City Category sa 2024 National Literacy Awards (NLA)** ng Department of Education at Literacy Coordinating Council sa Mandaue City, Cebu, Disyembre 12, 2024.

Ang Gawad Liyab ay isa sa mga kategorya ng NLA na ibinibigay sa mga local government unit at non-government organization na nagpatupad ng mga programa, patakaran, at proyekto ng literasiya na nagpabuti ng kalidad ng buhay sa mga komunidad. Ayon sa LCC, sinasagisag ng Liyab ang maalab nitong hangarin na makamit ang layunin nitong gawing pangkalahatan ang literasiya sa suporta ng mga stakeholder at mga komunidad.



## 1st Place

**Outstanding Local Government Unit**
*Highly Urbanized Category*

## Special Award

**Outstanding Financial Literacy Program**




2024 National Literacy Awards | DepED Department of Education | Literacy Coordinating Council | CEBUANA LHUILLIER FOUNDATION, INC.

# AWARDS

Hindi lamang isa, kundi dalawang beses na magkasunod na taon ginawaran ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ng **Seal of Good Local Governance** dahil sa mabuti nitong pamamahala. Ang pamahaalang lungsod ay pumasa sa lahat ng sampung governance area na mabusising sinuri ng Department of the Interior and Local Government - (1) Financial Administration and Sustainability (FA); (2) Disaster Preparedness (DP); (3) Social Protection and Sensitivity (SPS); (4) Health Compliance and Responsiveness (HCR); (5) Sustainable Education (SE); (6) Business-Friendliness and Competitiveness (BFC); (7) Safety, Peace, and Order (SPO); (8) Environmental Management (EM); (9) Tourism, Heritage Development, Culture, and Arts (THDCA); and 10) Youth Development (YD).






One of the **14 out of 17** Cities in Metro Manila

One of the **96 out of 149** Cities in the Philippines

# 1st SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE






One of the **11 out of 17** Cities in Metro Manila

One of the **64 out of 149** Cities in the Philippines

# 2024 SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE

**Ang ating Tagumpay ay Tagumpay ng Pamilyang Valenzuelano!**

Tuloy ang PROGRESO, Valenzuela!
CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440
8 352.1000

FOLLOW US ON SOCIAL MEDIA